Kumuha ng mga impormasyon:

Pagtawag sa 911 kapag kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga ng kalusugan

Para sa mga pansamantala at banyagang manggagawa

Ang 911 ay ang libreng pang-emergency na numero ng telepono na kokonekta sa inyo sa ambulansiya, pulis o serbisyo ng bumbero sa isang emergency. Ang isang emergency ay kapag nalalagay sa panganib ang kaligtasan o kalusugan ng isang tao at kailangan nila kaagad ng tulong.

Tumawag sa 911 kapag kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga ng kalusugan para sa mga sintomas na tulad ng:

- kawalan ng malay
- matinding pananakit na hindi mapaginhawa ng gamot sa pananakit
- pagkalito, nahihirapang magsalita, pagkahilo
- patuloy at matinding pananakit ng dibdib
- nahihirapang huminga o kapos ang hininga
- may bali o nabaling buto, sugat na kailangang tahiin o mayroong hindi makontrol na pagdurugo
- biglaan at matinding sakit ng ulo o mga problema sa paningin o biglaang paghina, pangingimay at/o pamamanhid sa mukha, braso o binti

Ang 911 ay para sa lahat. Magtatanong lang ang mga 911 operator ng tungkol sa emergency. Kumpidensyal ang personal na impormasyon ng kalusugan.

- HINDI ninyo kailangan ng anumang dokumento o pahintulot para tumawag sa 911.
- Pwedeng kayo mismo ang tumawag o ibang tao.

Handang tumulong ang mga tagapagsalin-wika 24/7
sa mahigit 240 wika kasama ang Espanyol, Filipino, Thai, Vietnamese, Mandarin, Cantonese, Arabic, French at iba pa.

- Kapag tumawag kayo sa 911 at ikinonekta sa ambulance dispatch sabihin kung anong wika ang sinasalita ninyo at manatili sa linya.

Libre ang tawag. Dapat gumana ang mga cell phone na mula sa ibang bansa kahit na hindi ito nakakonekta sa isang serbisyo sa Canada. Ang mga social media application, tulad ng WhatsApp, WeChat, Skype o Google ay maaaring hindi ka ikonekta sa 911.

- **I-dial ang 911 sa kahit anong cell phone o landline. HUWAG gumamit ng mga social media application.**

Para sa payo sa kalusugan o impormasyon, tumawag sa Telehealth Ontario 24/7.
Ito ay libre at kumpidensyal. 1-866-797-0000
o Teleprinter o Teletypewriter (TTY): 1-866-797-0007

Para sa impormasyon tungkol sa COVID-19, bisitahin ang **ontario.ca/coronavirus**

Employment Standards Info Centre (Sentrong Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Mga Pamantayan sa Trabaho): 1-800-531-5551 o TTY (para sa may mahinang pandinig): 1-866-567-8893

Ontario